apss

Papel Pangkaalaman

Australia Post Superannuation Scheme ABN 42 045 077 895 Abril 2020

# Pagpili ng iyong mga benepisyaryo

**Ang pagbibigay ng malinaw na tagubilin tungkol sa dapat mangyari sa iyong super o pensyon sa APSS sakaling ikaw ay mamatay ay maaaring magpagaan ng gawain para sa iyong mga mahal sa buhay, at ito ay madaling gawin.**

May iba't ibang paraan upang makapagmungkahi ng iyong mga benepisyaryo.

## 1 Ang hindi nakatali (o piniling) nominasyon

Sa opsiyong ito, sasabihin mo sa APSS kung sino ang gusto mong tumanggap ng iyong super sakaling ikaw ay mamatay, at maaari kang magmungkahi ng higit sa isang tao. Ang iyong pinili ay hindi nakatali sa batas, na nangangahulugang hindi namin kailangang sundin ang iyong mga tagubilin. Sa halip ay gagamitin namin ang iyong nominasyon (at hindi ang iyong Huling Habilin (Will), kung mayroon ka nito) bilang gabay sa pagpapasya kung sino ang tatanggap ng iyong super at anong bahagi nito.

## 2 May bisang nominasyon

Sa opsiyon na ito, dapat naming bayaran ang iyong super bilang isang buong halaga (lump sum) sa iyong napiling mga benepisyaryo, hangga't ang iyong nominasyon ay balido (sumasailalim sa ilang mga pagpupwera (exclusions) tulad ng mga kautusan ng korteng pampamilya). Ito ay nagbibigay sa iyo ng katiyakan kung sino ang tatanggap ng iyong super sakaling ikaw ay mamatay.

Ang may bisang nominasyon ay balido kung:

- hindi ka pa humirang ng rebersyonaryong benepisyaryo (ito ay para sa mga APSS Pension Account lamang)
- ito ay nilagdaan at nasaksihan ng dalawang taong mahigit sa 18 ang gulang na hindi hinirang bilang mga benepisyaryo sa pormularyong *May bisang nominasyon*
- wala pang tatlong taon mula nang ikaw ay mamatay (maliban kung ang umiiral na nominasyon (binding nomination) ay balido at isang walang pagkapasong (non-lapsing) nominasyon, na kung saan ito ay magpapatuloy na maging balido makaraan ang tatlong taon kung hindi mo ito babaguhin o babawiin)
- pinili mo lamang ang mga taong karapat-dapat na maging iyong benepisyaryo at silang lahat ay buhay pa at karapat-dapat pa rin nang ikaw ay namatay.

## Sino ang maaari mong piliin bilang iyong benepisyaryo

Maaari mong piliin ang sumusunod:

- iyong asawa (kabilang ang de facto at kaparehong-sari).
- iyong mga anak (kabilang ang anak sa una ng iyong asawa, ampon at anak sa labas).
- isang taong may relasyong magkaugnay (interdependent) sa iyo - ibig sabihin kayo ay may malapit na relasyong personal, at isa sa inyo o pareho kayong nagbibigay sa isa sa inyo ng pinansyal na tulong, suporta sa bahay at personal na pangangalaga. Kung kayo ay may malapit na relasyong personal ngunit isa sa inyo o pareho kayong may kapansanan, o pansamantala kayong hiwalay (tulad ng pansamantalang pagtatrabaho sa ibayong-dagat o nasa kulungan), ang inyong relasyon ay magkaugnay pa rin.
- sinumang pinansyal na umaasa sa iyo.
- iyong legal na kinatawan (ang tagapagpatupad ng iyong estate tulad ng nakasaad sa iyong Huling Habilin).

### Ano ang kaibhan ng may pagkapasong umiiral na nominasyon sa walang pagkapasong umiiral na nominasyon?

Ang isang umiiral na nominasyon ay maaaring may pagkapaso o walang pagkapaso. Ang isang may pagkapasong umiiral na nominasyon ay mananatiling may bisa sa loob ng tatlong taon mula sa petsa nang ito ay ginawa, huling kinumpirma o binago. Kung hindi ka pumili, ituturing ng Tagapagtiwala ang iyong umiiral na nominasyon bilang isang may pagkapaso. Kung gumawa ka ng isang may pagkapasong umiiral na nominasyon, susulatan ka namin bago pa sumapit ang petsa ng pagkawala ng bisa, na nagpapaalala sa iyo na i-update ang iyong nominasyon. Kung ang iyong nominasyon ay hindi balido sa oras ng iyong pagkamatay, ang Tagapagtiwala ang magpapasiya kung sino ang makakakuha ng iyong super.

Ang isang balidong umiiral na nominasyon na walang pagkapaso ay hindi mawawalan ng bisa maliban na lang kung babaguhin o babawiin mo ito, kaya hindi ito kailangang kumpirmahin o i-update tuwing ikatlong taon.

# Pagpili ng iyong mga benepisyaryo (karugtong)

## Opsyon na rebersyonaryong benepisyaryo para sa APSS Pension account

Kung mayroon kang APSS Pension Account, mayroon ka ring opsiyon na pumili ng taong magiging iyong rebersyonaryong benepisyaryo. Ito ay isang taong maaaring tumanggap ng iyong APSS Pension bilang mga kabayarang kita o isang buong halaga (lump sum) sakaling ikaw ay mamatay ka (kahit na sila ay dapat nakatanggap ng kahit isang kabayarang pensyon man lamang upang matugunan ang mga rekesitos na minimong pensiyon).

**Maaari kang pumili sa sumusunod bilang iyong rebersyonaryong benepisyaryo:**

- iyong asawa (kabilang ang mga de facto at kaparehong-sari).
- iyong karapat-dapat na anak (ibig sabihin, anak na wala pang 18 taong gulang, o anak na may edad sa pagitan ng 18 at 25 na pinansyal na umaasa sa iyo o anak na mahigit sa 18 taong gulang na may panghabambuhay na kapansanan).
- isang taong may relasyong magkaugnay sa iyo (sumanggunisa pahina 1 para sa kahulugan).
- sinumang pinansyal na umaasa sa iyo.

Kung ang iyong rebersyonaryong benepisyaryo ay pinansiyal na umaasang bata, ang mga kabayarang kita ay magpapatuloy hanggang sila ay maging 25 anyos (hangga't mayroong sapat na pera sa iyong account), at pagkatapos ang balanse ay babayaran bilang isang buong halaga (lump sum). Kung ang iyong anak ay may panghabambuhay na kapansanan, walang limitasyon sa edad at ang mga kabayarang kita ay maaaring magpatuloy hanggang ang balanse sa account ay maging zero.

## Madalas na itanong

**Hindi ba nakasaad sa aking Huling Testamento kung sino ang tatanggap ng aking super?**
Hindi. Ang Tagapangasiwa ay obligado ng batas na imbestigahan ang iyong personal na kalagayan kapag nagpapasiya kung sino ang makakakuha ng iyong super at isasaalang-alang ang sinumang pinangalanan sa iyong Huling Testamento, ngunit hindi ito nakatali sa batas na ipatupad ito. Ang pwera (exception) sa kautusang ito ay kung ikaw ay gumawa ng nominasyon na balidong umiiral o humirang ng isang rebersyonaryong benepisyaryo.

**Kailangan ko bang panatilihing up to date ang aking mga benepisyaryo?**
Oo. Ang pagpapanatiling up to date ng iyong hinirang na (mga) benepisyaryo ay mahalaga kung nagbago ang iyong kalagayang pampamilya o kalagayang personal, tulad ng pagkakaroon ng anak, pag-aasawa o pakikipag-diborsyo. Gayundin, kung gumawa ka ng isang may pagkapasong umiiral na nominasyon, kailangan itong i-update tuwing ikatlong taon upang maging balido. Ang isang balidong umiiral na nominasyon na walang pagkapaso ay hindi mawawalan ng bisa makaraan ang tatlong taon. Maaaring magkaroon ng hindi mabuting kahihinatnan (kabilang ang mga implikasyon sa social security) ang pagpalit ng rebersyonaryong benepisyaryo. Kung nagpaplano kang palitan ang isang rebersyonaryong benepisyaryo, dapat kang makipag-usap sa Centrelink bago gumawa ng anumang mga pagbabago.

**Paano ko malalaman kung sino na ang aking napili?**
Maaari mong malaman kung sino na ang hinirang mo sa pamamagitan ng pag-log in sa iyong account sa **apss.com.au** o sa pagtawag sa *Super*Phone.

**Ano ang mangyayari kung hindi ako pumili o kung ang pasya ko ay hindi balido?**
Isasaalang-alang ng Tagapangasiwa ang iyong personal na kalagayan sa oras ng iyong pagkamatay at magpapasya kung sino ang makakakuha ng iyong super.

## Ang hindi-nakataling nominasyon

| | |
|---|---|
| **Ang hindi-nakataling nominasyon** | Mag-login sa iyong account sa **apss.com.au**, o tumawag sa *Super*Phone at gawin ang iyong mga pagbabago sa telepono. Maaari mo ring i-download ang pormularyo sa *Paghirang ng iyong mga benepisyaryo* mula sa website, o tumawag para mapadalhan ka ng isa. |
| **May bisang nominasyon** | I-download ang pormularyo ng *May bisang nominasyon* mula sa **apss.com.au** o tumawag sa *Super*Phone para mapadalhan ka ng isa. |
| **Rebersyonaryong nominasyon (para sa mga APSS Pension account lamang)** | Ang rebersyonaryong benepisyaryo ay karaniwang pinipili sa pormularyo ng aplikasyon kapag nagbukas ka ng isang APSS Pension Account. May mga limitadong sitwasyon kung saan maaari mong baguhin ang iyong rebersyonaryong benepisyaryo. Para sa karagdagang impormasyon, mangyaring makipag-ugnay sa *Super*Phone sa 1300 360 373 BAGO mo baguhin ang iyong rebersyonaryong benepisyaryo dahil baka magkaroon ng epekto ito sa Centrelink o Kagawaran ng Veterans' Affairs (DVA). |

# Kailangan mo ba ng higit pang impormasyon?

Tawagan ang *Super*Phone sa **1300 360 373**. Bisitahin ang website sa **apss.com.au**. Makipag-usap sa isang lisensiyadong tagapayo sa pananalapi.

Ang dokumentong ito ay naglalaman ng pangkalahatang impormasyon lamang. Ito ay hindi nilayong maging payo sa produktong pinansiyal at hindi isinaalang-alang ang iyong personal na kalagayan. Bago kumilos ayon sa anumang impormasyon na nasa dokumento, dapat munang pag-isipan kung may kabuluhan ito sa sarili mong sitwasyon. Maaari kang humingi ng payo sa isang lisensiyadong tagapayo sa pananalapi. Ang PostSuper Pty Ltd at ang Australia Post ay walang hawak na Lisensya sa mga Serbisyong Pinansyal sa Australya at, samakatuwid ang dalawang ito ay hindi lisensyadong magbigay sa iyo ng payo tungkol sa produktong pinansyal. Australia Post Superannuation Scheme (ABN 42 045 077 895) Taga-isyu: PostSuper Pty Ltd (ABN 85 064 225 841) RSE Numero ng Lisensya L0002714 APSS Numero ng Rehistro R1056549. Inisyu: Abril 2020.